Name ______________________________ Class ______________ Date _______________

# Ang Mahalagang Tanong
# Kaugnayan ng Paaralan sa Tahanan

Binibigyan-diin ng Yunit 5 ang Mahalagang Tanong: Paano ka magiging taong gusto mong maging?  Sa buong yunit na ito, malalaman mo kung paano ginagamit ng mga tao ang kanilang mga lakas at mga mapagkukunan ng tulong upang makamit ang kanilang mga layunin. Bago mo ihanda ang iyong mga sariling sagot sa Mahalagang Kuru-kuro, alamin muna kung ano ang iniisip ng iyong mga magulang o ibang mga nakatatanda. Pumili ng isa sa mga gawain sa ibabâ na gagawin sa tahanan.

## GAWAIN: Interbyu:

**Ang Gagawin** Gamitin ang mga sumusunod na katanungin upang interbyuhin ang isang kapamilya tungkol sa Mahalagang Tanong. Isulat ang kanyang mga sagot sa isang hiwalay na papel.

1. Noong bata ka, anong klaseng tao ang gusto mong maging paglaki mo?
2. Anong mga sagabal ang hinarap mo?
3. Anong mga lakas at mga mapagkukunan ng tulong ang ginamit mo upang harapin ang mga sagabal na ito?
4. Nakamit mo ba ang iyong layunin? Bakit o bakit hindi?
5. Ano ang gagawin mong naiiba kung makakabalik ka sa panahon?

## GAWAIN: Ang Pagtakda ng Layunin

Kausapin ang isang kapamilya tungkol sa mga layunin niya para sa kinabukasan. Para sa bawat layunin, ilista ang isa o higit pang mga sagabal na maaaring maging paghamon. Pagkatapos ay ilista ang mga personál na lakas at mga mapagkukunan ng tulong na makakatulong sa iyong kapamilya na marating ang kanyang mga layunin. Isulat ang mga kuru-kuro sa isang chart sa isang hiwalay na papel. Siguraduhing ang chart ay may tatlong hanay na nagngangalang “Mga Layunin,” “Mga Sagabal,” at “Mga Lakas at mga Mapagkukunan ng Tulong.”

## GAWAIN: Ang Pagsulat ng Talumpati

Kung halimbawa ay kailangang magbigay ang isang kapamilya ng talumpati na nagbibigay-motibasyon. Gamitin ang iyong natutunan sa iyong pagtatalakay upang gumawa ng balangkas para sa kanyang talumpati. Pagkatapos ay isulat ang panghuling bersiyon ng talumpati sa hiwalay na papel

Copyright© by The McGraw-Hill Companies, Inc.